MISSALETTE

8 Pebrero 2026 • Ika-5 Linggo sa Karaniwang Panahon • Taon A



# Pasikatin ang Ating Ilaw!

Sa Ika-5 Linggo ng Karaniwang Panahon, hinahamon tayo ni Hesus na maging "ilaw ng sanlibutan." Inaanyayahan tayong mamuhay nang may malinis na budhi at ipakita sa ating salita at gawa ang pag-ibig, katapatan, paggalang, at malasakit, upang magningning ang ating buhay at maging saksi ng katotohanan, pag-asa, at buhay sa mundong pinadilim ng kasalanan. Sa pagdiriwang natin ng Eukaristiya at pakikipagtagpo sa ating Kapatid at Panginoon, si Hesukristo, ang Ilaw ng sanlibutan, nawa'y palakasin Niya tayo upang maging mga saksi ng katotohanan, pag-asa, at buhay.

## PASIMULA

### PAMBUNGAD

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Halina't ating sambahin**
**ang Diyos na Poon natin.**
**Lumuhod at manalangin**
**sa Manlilikhang butihin.**
**Siya'y Poong mahabagin.** *(Sal 95, 6-7)*

### PAGBATI

**P** –Pagpalain ang Panginoon, ang ilaw at buhay ng daigdig. Ang kanyang biyaya at kapayapaan ay sumainyong lahat.
**B – At sumaiyo rin.**

### PAGSISISI

**P** –Sa paghahanda natin sa pagdiriwang ng Eukaristiya ngayong buwan ng "Paggalang at Pangangalaga sa Buhay," alalahanin natin ang ating mga pagkakasala laban sa buhay. *(Manahimik sandali.)*

**P** – Panginoong Diyos, Ikaw ang bukal ng lahat ng buhay at kabutihan. Patawarin ang pagkukulang naming magpahalaga sa buhay. Panginoon, kaawaan mo kami.

**B – Panginoon, kaawaan mo kami.**

**P** – Panginoong Hesus, inialay mo ang iyong buhay para mabuhay ang lahat. Patawarin nawa ang pagwawalang-bahala namin sa maraming pagtatangkang laban sa buhay pantao. Kristo, kaawaan mo kami.
**B – Kristo, kaawaan mo kami.**

**P** – Panginoong Diyos, nais mong itaguyod namin ang sibilisasyon ng buhay at pagmamahal. Patawarin nawa ang ano mang isipan, salita, o aming gawang ayon sa kultura ng kamatayan. Panginoon, kaawaan mo kami.
**B – Panginoon, kaawaan mo kami.**

**P** – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
**B – Amen.**

### PAPURI

Papuri sa Diyos sa kaitaasan
at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong
kinalulugdan niya.
Pinupuri ka namin,
dinarangal ka namin,
sinasamba ka namin,
ipinagbubunyi ka namin,
pinasasalamatan ka namin
dahil sa dakila mong angking kapurihan.

This issue of Euchalette may be downloaded for free anywhere in the world. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us an email of a copy of the deposit slip with your name for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

Panginoong Diyos, Hari ng langit,
Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.
Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak,
Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak
ng Ama.
Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan,
maawa ka sa amin.
Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan,
tanggapin mo ang aming kahilingan.
Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama,
maawa ka sa amin.
Sapagkat ikaw lamang ang banal,
ikaw lamang ang Panginoon,
ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan,
kasama ng Espiritu Santo
sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

## PANALANGING PAMBUNGAD

**P** – Ama naming makapangyarihan,
lagi mong lingapin at patnubayan
kaming mga kabilang sa iyong angkan.
Sa tanging pag-asa naming ikaw ang nagbibigay,
kami'y tangkilikin mo at laging subaybayan
sa pamamagitan ni Hesukristo
kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.
**B – Amen.**

# PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

## UNANG PAGBASA — I S 58, 7-10

Pagbasa mula sa aklat ni propeta Isaias


**Ito ang ipinasasabi ng Panginoon:**
**"Ang mga nagugutom ay inyong pakanin,**
**patuluyin sa inyong tahanan ang**
**walang tirahan.**
**Yaong mga tao**
**na halos hubad na ay inyong paramtan,**
**ang inyong pagtulong**
**sa mga kasama ay huwag tatalikdan.**
**At kung magkagayon,**
**matutulad kayo sa bukang-liwayway,**
**hindi maglalao't**
**gagaling ang inyong sugat sa katawan,**
**ako'y laging sasainyo,**
**ililigtas kayo at iingatan kahit**
**saang lugar.**
**Sa araw na iyon,**
**diringgin ng Poon ang dalangin ninyo,**
**pag kayo'y tumawag,**
**ako'y tutugon agad.**
**Kung titigilan ninyo**
**ang pang-aalipin at pagsuway sa akin,**
**at ang masamang salita'y iiwasan,**
**kung ang nagugutom**
**ay pakakanin ninyo at tutulungan,**
**ang kadilimang bumabalot sa inyo**
**ay magiging tila liwanag sa katanghalian."**

Ito ang Salita ng Diyos.
**B – Salamat sa Diyos.**

## SALMONG TUGUNAN — Sal 112, 4-5. 6-7. 8a at 9

**B – Sa dilim ay may liwanag**
**sa tao na nahahabag.**

*R. M. Velez*







* Ang taong matuwid, may bait at habag,
kahit sa madilim taglay ay liwanag.
Ang mapagpautang nagiging mapalad,
kung sa hanapbuhay siya'y laging tapat. **B.**

* Hindi mabibigo ang taong matuwid,
di malilimutan kahit isang saglit.
Anumang balita'y hindi siya takot,
matatag ang puso't may tiwala sa Diyos. **B.**

* Wala siyang takot hindi nangangamba,
alam na babagsak ang kaaway niya.
Mabait na lubha, lalo sa mahirap,
ang pagiging mat'wid ay di nagwawakas,
buong-karangalan siyang itataas. **B.**

## IKALAWANG PAGBASA — 1 Cor 2, 1-5

Pagbasa mula sa Unang Sulat ni Apostol San Pablo sa Mga Taga-Corinto

**Mga kapatid: Nang ako'y pumariyan, ipinahayag ko sa inyo ang lihim na panukala ng Diyos, ngunit hindi sa pamamagitan ng malalalim na pananalita o matataas na karunungan.**
**Ipinasiya kong wala akong ipangangaral sa inyo kundi si Hesukristo na ipinako sa krus.**
**Kaya mahina, takot, at nanginginig akong humarap sa inyo. Sa pananalita at pangangaral ko'y hindi ko kayo inakit ng matatamis na pangungusap batay sa karunungan ng tao, kundi sa pamamagitan ng patotoo ng Espiritu at ng kapangyarihan ng Diyos.**
**Kaya't hindi sa karunungan ng tao kundi sa kapangyarihan ng Diyos nababatay ang inyong pananalig kay Kristo.**
Ito ang Salita ng Diyos.
**B – Salamat sa Diyos.**

## ALELUYA Juan 8, 12

**B – Aleluya! Aleluya!**
**Sinabi ni Hesukristo:**
**"Ako ay ilaw ng mundo**
**at buhay ng alagad ko."**
**Aleluya! Aleluya!**

## MABUTING BALITA Mt 5, 13-16

**P–** Sumainyo ang Panginoon.
**B – At sumaiyo rin.**
P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo
**B – Papuri sa iyo, Panginoon.**

**Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus sa kanyang mga alagad: "Kayo'y asin sa sanlibutan. Kung mawalan ng alat ang asin, paano pang mapapanauli ang alat nito? Wala na itong kabuluhan, kaya't itinatapon na lamang at niyayapakan ng mga tao.**

**Kayo'y ilaw sa sanlibutan. Hindi maitatago ang isang lunsod na nakatayo sa ibabaw ng burol. Walang nagsisindi ng ilaw at naglalagay nito sa ilalim ng takalan. Sa halip ay inilalagay ito sa talagang patungan upang matanglawan ang lahat ng nasa bahay. Gayon din naman, dapat ninyong paliwanagin ang inyong ilaw sa harapan ng mga tao, upang makita nila ang inyong mabubuting gawa, at papurihan ang inyong Amang nasa langit."**

Ito ang Mabuting Balita ng Panginoon.
**B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.**

## HOMILIYA

## SUMASAMPALATAYA

**B – Sumasampalataya ako**
**sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat,**
**na may gawa ng langit at lupa.**
**Sumasampalataya ako kay Hesukristo,**
**iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat.**
**Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo,**
**ipinanganak ni Santa Mariang Birhen.**
**Pinagpakasakit ni Poncio Pilato,**
**ipinako sa krus, namatay, inilibing.**
**Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao.**
**Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli.**
**Umakyat sa langit.**
**Naluluklok sa kanan**
**ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.**
**Doon magmumulang paririto**
**at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.**
**Sumasampalataya naman ako**
**sa Diyos Espiritu Santo,**
**sa banal na Simbahang Katolika,**
**sa kasamahan ng mga banal,**
**sa kapatawaran ng mga kasalanan,**
**sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao**
**at sa buhay na walang hanggan. Amen.**

## PANALANGIN NG BAYAN

**P – '**Di madali ang maging tunay na misyonerong alagad ng Panginoon, sapagkat hinihingi nitong ganap nating isabuhay ang Mabuting Balita. Sa ating kahinaan, manalangin tayo:

**B – Panginoon, pakinggan Mo kami.**

* Nawa ang Simbahan ay manatiling tapat sa pagtupad ng misyon ni Kristo. Manalangin tayo. **B.**
* Nawa'y maging inspirasyon sa lahat ng mga Kristiyano ang Santo Papa, mga Obispo, pari, at relihiyoso. Manalangin tayo. **B.**
* Nawa'y pukawin ng Banal na Espiritu ang lahat sa kabanalan ng buhay mula sa pagli-lihi hanggang kamatayan, at tulungan silang mamuhay nang tama. Manalangin tayo. **B.**
* Nawa'y pahalagahan ng mga magulang ang kanilang mga anak at palakihin silang mga mabubuti at tapat na Kristiyano. Manalangin tayo. **B.**

**P –**Panginoong Hesus, ilaw ng sanlibutan, patatagin mo kami upang maging asin at ilaw sa aming kapwa, ayon sa iyong halimbawa. Ikaw na nabubuhay at naghahari magpakailanman.
**B–Amen.**

# PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

**P –** Manalangin kayo . . .
**B – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

## PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

**P –**Ama naming Lumikha,
ang pagkai't inuming narito ay iyong ginawa
upang mapalakas kaming mga mahihina.
Ipagkaloob mong ito ay aming mapagsaluhan
bilang pakikinabang sa buhay mong pangmagpakailanman
sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.
**B– Amen.**

## PREPASYO I

**P –** Sumainyo ang Panginoon.
**B – At sumaiyo rin.**

**P –** Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.
**B – Itinaas na namin sa Panginoon.**

**P –** Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos.
**B – Marapat na siya ay pasalamatan.**
**P –** Ama naming makapangyarihan,
tunay ngang marapat
na ikaw ay aming pasalamatan
sa pamamagitan ni Hesukristo
na aming Panginoon.
Sa dakilang pagtubos niya sa amin
ang kasalana't kamatayang aming pasanin ay
binalikat niya upang kami'y palayain
at maitampok sa iyong luningning.
Siya ang nagtanghal sa amin bilang liping hinirang,
pari at haring lingkod sa iyong kamahalan.
Mula sa kadiliman, kami'y iyong tinawag
upang makasapit sa iyong liwanag
bilang iyong angkang may tungkuling maglahad
ng iyong dakilang pag-ibig sa lahat.
Kaya kaisa ng mga anghel
na nagsisiawit ng papuri sa iyo
nang walang humpay sa kalangitan,
kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:
**B – Santo, santo, santo . . .**

## PAGBUBUNYI

**B – Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay, Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.**

# PAKIKINABANG

**B – Ama namin . . .**
**P –** Hinihiling namin . . .
**B – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman. Amen.**

## PAANYAYA SA KAPAYAPAAN

## PAGHAHATI-HATI SA TINAPAY

**B – Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2×)**
**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

## PAANYAYA SA PAKIKINABANG

**P –** Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
**B – Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa Iyo ngunit sa isang salita Mo lamang ay gagaling na ako.**

### Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Ang D'yos ay pasalamatan**
**sa pag-ibig n'ya sa tanan.**
**Pagkai't inuming tunay**
**na may dulot kasiyahan**
**ang sa ati'y kanyang bigay.** *(Sal 107, 8-9)*

## PANALANGIN PAGKAPAKINABANG

**P –**Ama naming mapagmahal,
sa pagkai't inuming pagkakaisa ang ibinibigay,
kami'y niloob mong makapakinabang.
Kaisa ni Kristo kami nawa'y makapamuhay
upang makapamunga nang may kagalakan
para sa kapakanan ng aming kapwa tao
sa sanlibutan sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo
magpasawalang hanggan.
**B – Amen.**

# PAGWAWAKAS

**P –** Sumainyo ang Panginoon.
**B – At sumaiyo rin.**
**P –** Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.
**B – Amen.**
**P –** Naialay natin ang ating Eukaristiya. Humayo kayo sa kapayapaan ni Kristo
**B – Salamat sa Diyos.**

WORD AND LIFE PUBLICATIONS
**Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila**
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. R. De Guzman, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua